

Pagbubuo ng “Karagdagang Panuntunan Para sa Kursong Wikang Tsino Para Sa Mga Estudyanteng Di-Nagsasalita ng Tsino”

Kabuuang Paglalagom

Pambungad

1. Layunin ng pagbubuo ng Karagdagang Panuntunan na ito na makatulong sa prinsipyo, estratehiya at rekomendasyon para sa pagpapatupad ng Kurikulum ng Wikang Tsino para sa mga paaralang may mga estudyanteng hindi nagsasalita ng Tsino, sa ilalim ng nag-iisang pamantayan ng kurikulum ng CDC. Ang Karagdagang Panuntunan na ito ay dapat basahin kasama ng mga kinauukulang panuntunan para sa pagkaalam ng buong kurso.

Unang Kabanata—Introduksiyon

2. Ayon sa estadistika, ang mga pangunahing wika na ginagamit ng mga estudyanteng di-nagsasalita ng Tsino ay Urdu, Ingles, Nepali, Tagalog at Hindi.
3. Layunin ng edukasyong pangwika ng Hong Kong ang maitaguyod ang kagalingan ng mga estudyante sa wika, gawin silang magaling sa dalawang wika (Tsino at Ingles) o tatlo (Cantonese, Putonghua at Ingles). Para sa mabuting pakikilahok sa lipunan sa Hong Kong, makabubuti para sa mga estudyanteng ito na matuto ng Cantonese at mga tradisyunal na titik, na malawakang ginagamit sa mga araling Tsino at sa komunidad.

Ikalawang Kabanata—Balangkas ng Kurso

4. Bukas at maiaakma ang binuong Kurikulum ng Wikang Tsino ng Curriculum Development Council (CDC) ng Hong Kong sa lahat ng baitang ng paaralang elementarya at sekundarya. Batay sa pangunahing kurikulum na ito ng Wikang Tsino, maiaakma ng lahat ng paaralan ang kanilang sariling kurikulum para matugunan ang mga pangangailangan ng iba-ibang mag-aaral.
5. Ang mga nilalaman ng edukasyon ng Wikang Tsino ay nasa 9 na aspektong gaya ng pagbasa, pagsulat, pakikinig, pagsasalita, panitikan, kultura, moral education, pag-iisip at pag-aaral sa sarili. Ang mga ito ay bagay sa lahat ng mga estudyante.
6. Batay sa katangian ng mga estudyante, dapat isaalang-alang ng mga paaralan ang iba’t ibang elemento para itakda ang angkop na nilalaman ng kurso na gaya ng pagkilala at pagsulat ng titik, kakayahan sa komunikasyon, kakayahan sa pagtatamo ng kaalaman, aesthetic development, magkakaibang kultura, moral education at kakayahan sa pag-aaral sa sarili.
7. Ang proseso ng edukasyon ng wikang Tsino ay nagpapakita ng katangian ng pag-aaral ng ikalawang wika: magsimula sa pakikinig at pagsasalita, pagkatapos ay pagkilala at pagsulat ng titik, pagbasa at panghuli ay pagsasama ng pagbasa at pagsulat.

Ikatlong Kabanata—Pagpaplano ng kurso

8. Ang pagpaplano ng mga paaralan ng kurso ng wikang Tsino ay dapat isagawa batay sa kakayahan, lebel at pagkagusto ng mga estudyante. Ang mga prinsipyo nito ay kinabibilangan ng pagkakaloob ng magkabalanse at komprehensibong kurso, pagsasaayos ng kurso ayon sa pangangailangan ng estudyante at pagtugon sa inaasahan

ng mga estudyante at magulang.

9. Maikakategorya sa apat ang mga gawaing pampaaralan sa pag-aangkop ng kurikulum: **Pagbababad sa Araling Tsino (immersion), bridging o transisyon, pag-aaral bilang ikalawang wika, at pagsasama-sama ng mga ito / integrasyon.**

Ikaapat na Kabanata—pamamaraan sa pag-aaral ng kurso

10. Maaaring pagpilian ng mga paaralan ang mga pamamaraang ito batay sa pangangailanagn nila:

- **Unang Lapit—Pagbababad sa Araling Tsino**

Paglalarawan ng Lapit: Kasalamuha ng mga estudyanteng di-nagsasalita ng Tsino ang mga kamag-aral na marunong nito. Pupunan ng paaralan ang iba-bang pangangailangan ng mga mag-aaral at maglalaan ng focused remedial teaching sa labas ng klase upang mapadali ang pagkatuto sa mga aralin sa Wikang Tsino.

Kalimitang Kondisyon: Dumarating ang mga mag-aaral sa Hong Kong bago magtinedyer, maaga ring nagkakaroon ng ugnayan sa wikang Tsino, natututo ng Tsino sa kindergarten, halos nagiging magaling sa wikang ito para maabot ang pamantayang kinakailangan sa pag-aaral ng wikang Tsino.

Adbentahe: may mayamang kaligiran sa pag-aaral ng wikang Tsino, natutulungan ng mga kamag-aral, may pagkakaunawaan ng mga lahi, napagsasama-sama ang iba-ibang kultura.

Balakid: Mangangailangan ng remedial programme at karampatang diagnostic assessment tools ang mga estudyanteng di-nagsasalita ng Tsino na kasalamuha ang mga estudyanteng magaling dito.

- **Ikalawang Lapit—Bridging o Transisyon**

Paglalarawan ng Lapit: Mangangailanagn ng masinsinang pag-aaral ng wikang Tsino ang mga estudyanteng di-nagsasalita ng Tsino sa loob ng maikling panahon (mula ilang buwan hanggang isang taon) hanggang maabot nila ang pamantayan upang makapag-aral sila kasabay ng iba pang mag-aaral.

Kalimitang Kondisyon: Dumarating ang mga mag-aaral sa Hong Kong habang tinedyer, medyo huli na ang pakikipag-ugnay sa wikang Tsino, gayong may hangaring manatili sa sistemang pang-edukasyon sa Hong Kong at makapaghanap ng trabaho sa mga larangang kakailanganin ang galling s pagsalita at pagsulat ng wikang Tsino.

Adbentahe: Naibibigay ng paaralan ang focused learning, masinsinang pag-aaral, sapat na pahanon para makasabay, at nagbibigay ng mas mababang pamantayan sa simula.

Balakid: Pangangailangan ng diagnostic assessment tools, pagbuo ng mga pamantayan sa kasanayan na higit na mababa kaysa karaniwan.

- **Ikatlong Lapit—Pag-aaral Bilang Ikalawang Wika**

Paglalarawan ng Lapit: Upang maituro ang wikang Tsino bilang pangalawang wika, binibigyan ng diin ang gamit ng komunikasyon sa pang-araw-araw na buhay.

Kalimitang Kondisyon: Mga balik-bayan ang mga mag-aaral o pansamantalang naninirahan sa Hong Kong na hindi nagpaplanong magtapos sa sistemang pang-edukasyon ng Hong Kong o hindi nagbabalak magtrabaho ditto, o kaya tinedyer nang lumipat/huli na ang ugnayan sa wikang Tsino at walang planong magtapos sa paaralang Tsino o nagbabalak maghanap ng trabaho dito na mangangailangan ng

kagalingan sa pagsalita o pagsulat sa wikang Tsino.

Adbentahe: Mas madaling pag-aaral para sa mga estudyante, may tuon sa survival/komunikasyon, may puwang para sa piling-pili (gayong limitado) na pag-aaral at mababang pamantayan.

Balakid: Sinasagot lamang ang kahingian ng pakikipagkomunikasyong sosyal.

• **Ikaapat na Lapit—Pagsasama-sama ng mga Naunang Lapit / Integrasyon**

Paglalarawan ng Lapit: Upang matugunan ang iba-ibang pangangailangan, hangarin at kagalingan ng mga estudyanteng di-nagsasalita ng Tsino, baka kinakailangan ng paaralang bumuo ng higit sa isa sa mga lapit na inilarawan sa itaas.

Kalimitang Kondisyon: May karamihan ang populasyon ng paaralan ng mga estudyanteng di-nagsasalita ng Tsino na mula sa iba-bang pinagmulan, may iba-bang hangarin at kahingian ang pamilya, may malawak na pamantayan sa pag-aaral ng wikang Tsino.

Adbentahe: Makabubuo ang paaralan ng iba-ibang programa na may sapat na mag-aaral, at pinupunan ang tiyak na kahingian ng mga estudyante.

Balakid: May kahingian na maglaan ng pondo para makabuo ng iba-ibang programa na tutugon sa iba-iba ring kahingian.


Ikalimang Kabanata—Pag-aaral at Pagtuturo

11. Dapat maunawaan ang pagkakaiba ng unang wika at ikalawang wika para isagawa ang mga katugong pamamaraan ng pag-aaral at pagtuturo.
12. Dahil sa pagkakaiba ng wikang Tsino at kani-kanilang sariling wika, kahaharapin ng mga estudyante ang kahirapan sa pag-aaral ng grapheme, tono, bukabularyo, salitang panukat, ayos ng mga salita at iba pa ng wikang Tsino.
13. Mga prinsipyo ng pag-aaral at pagtuturo: pagkaalam ng kakayahan ng mga estudyante, pagpapaliwanag ng target ng pag-aaral, pagsasalang-alang sa iba't ibang pangangailangan sa pag-aaral, pagsasaayos ng pamantayan ng pag-aaral, paggamit ng angkop na materyal para sa pag-aaral at pagsasama-sama ng mga yaman para sa pag-aaral.
14. Mga estratehiya ng pag-aaral at pagtuturo: sanayin ang mga estudyante sa pagsasalita sa pamamagitan ng panggagaya, magkahiwalay na ituro ang pagkilala at pagsulat ng titik, gamitin ang mga babasahin batay sa bukabularyo at kaisipan ng mga estudyante, pagsamahin ang pagbasa at pagsulat, likhain ang kapaligiran para sa pag-aaral ng wika at itaguyod ang magkakasamang pag-aaral.

Ikaanim na Kabanata—Pagtasa

15. Pagtasa ay isang bahagi ng pag-aaral at pagtuturo. Kailangang isagawa ang iba't ibang paraan para komprehensibong tasahan ang ginawa ng estudyante sa pag-aaral. Pahalagahan ang resulta ng pagtasa para malaman ang kalagayan ng pag-aaral sa iba't ibang yugto.
16. May iba-ibang pagtatapos (exits) para sa mga estudyanteng di-nagsasalita ng Tsino. Puwedeng kumuha ng kwalipikasyon sa Wikang Tsino: Hong Kong Certificate of Education Examination (HKCEE), Hong Kong Advanced Level Examination (HKALE), the coming Hong Kong Diploma of Secondary Education (HKDSE), General Certificate of Education (GCE), International General Certificate of Secondary Education (IGCSE), General Certificate of Secondary Education (GCSE).

Para masunod ang pamantyan ng mga inirerekomendang lapit, ebalwasyon at pagtatapos assessment and exit, mangyaring tingnan ang diagram sa sunod:



Ikapito na Kabanata—Material para sa Mag-aral at Tuturuan

17. Pagbuo ng mga material pangkurikulum para sa mga estudyanteng di-nagsasalita ng Tsino: batayang talasalitaan, learning software, mga halimbawa ng planong iniakma ang kurikulum sa mga paaralan, mga modelo ng pag-aaral at pagtuturo, mga material sa pag-aaral, mga anyo ng ebalwasyon sa pag-aaral, at iba pa.
18. Karagdagang Suporta para sa mga estudyanteng di-nagsasalita ng Tsino: Patuloy na suporta sa mga paaralan. Pinagyabong na programang pang-ugnayan sa pagitan ng edukasyong panterisyaryo at Non-Government Organization. Patuloy na pagkakaloob ng programang propesyonal sa mga guro. Pagsuporta sa mga magulang. Pabutihin ang suporta mula sa kapitbahayan. Pagsasagawa ng iba't ibang proyekto ng pananaliksik at pagpapaunlad.

Apendiks:

19. Ang mga reperensya: mga katangiang lingguwistiko ng makabagong wikang Tsino; radicals ng titik na Tsino; karanasan ng pag-aaral sa wikang Tsino sa mga lugar na may malaking populasyon ng etnikong Tsino; serye ng mga halimbawa ng kurso at pagtuturo na kinabibilangan ng pagsasaayos ng target at module ng pag-aaral, balangkas ng kurso, plano at iskedyul ng pagtuturo, materyal para sa pag-aaral at pagtuturo. Mga iba pang impormasyon ay: iksamen ng wikang Tsino sa ibang bansa, iba't ibang posibleng pinili ng mga estudyante, materyal para sa pag-aaral sa sarili ng mga estudyante at halimbawa ng mga makukuhang yaman ng pag-aaral at pagtuturo.

Education Bureau
Gobyerno ng Hong Kong Special Administrative Region
Nobyembre 2008

Ito'y pagsasalin ayon sa orihinal na wikang Tsino. Kung may kaibahan sa kahulugan ang pagkakasalin, mag-alinsunod sa orihinal na wikang Tsino.